

Update sa COVID-19 – ika-7 ng Oktubre 2020

ANONG BAGO?

PAGSUSURI SA KEMH

Dalawang libo, anim na raan at walumpu't dalawang (2,682) na pagsusuri na ang naproseso, ng walang positibong resulta na natanggap sa loob ng isang daan at animnapu't limang (165) araw.

UPDATE SA SWAB TESTING

Nag-aalok na tayo ngayon ng tatlong uri ng swab testing sa loob ng Falkland Islands, upang mapabuti pa ang pagprotekta sa buong komunidad. Ang mga tao ay magiging pamilyar na sa sintomatikong swabbing, na kasalukuyang inaalok sa mga tao na may sintomas na tulad ng sa trankaso at isinasagawa sa pangalawa o pangatlong araw pagkatapos lumabas ang sintomas.

Nagsasagawa na rin tayo ng *surveillance swabbing*, partikular na sa mga indibidwal na madalas na nakikipagugnayan sa publiko – tulad ng mga nasa serbisyong pangkalusugan at social, retail, at hospitality. Ang mga kumpanya o mga indibidwal na nagnanais na sumailalim sa surveillance swabbing ay maaring magpadala ng email para sa kanilang mga request sa: surveillance@kemh.gov.fk.

Sa wakas ay naipakilala na natin ang *quarantine swabbing* kamakailan lamang. Kasama dito ang unang tawag mula sa KEMH mula sa iyong pagkarating sa isla upang isaayos ang tatlong swabs na dapat kunin sa loob ng apatnapu't walo (48) hanggang pitumpu't dalawang (72) oras pagkatapos mong dumating, at muli sa ika-pito (7th) at ika-labingtatlong (13th) araw. Ang mga negatibong resulta ay magsisiguro na ikaw ay nasa mabuting posisyon na lumabas mula sa quarantine. Kung ikaw ay nakikibahagi ng tirahan sa ibang tao, sila rin ay bibigyan ng oportunidad na makuhaan ng swab sa ika-pito (7th) at ika-labingtatlong (13th) araw.

Ang *quarantine swabbing* ay hindi sapilitan, ngunit ang programa na ito ay inaasahan na gawin ng mga tao upang makasiguro sila na hindi sila nahawaan ng COVID-19, may sintomas man sila o wala.

Ang *swabbing* ay mahalagang gawain upang makatulong sa pagpapanatili ng kaligtasan ng lahat, partikular na sa mga higit na nanganganib na mga indibidwal. Ito rin ay isang pangunahing paraan upang makasiguro tayo na tayo ay walang COVID-19.

MGA INDIBIDWAL NA NANGANGAILANGAN NG SWAB PARA SA COVID-19 BAGO BUMIYAHE

Nakatanggap ng mga katanungan ang KEMH mula sa mga indibidwal na nag-rerequest na magsagawa ng COVID-19 swab bago bumiyahé. Ito ay maaring maisaayos sa pagpapadala ng email, laman ang mga sumusunod detalye na nakalista sa ibaba sa

surveillance@kemh.gov.fk na may titulo sa subject na “Travel Swab”. Kung maaari, ipadala ang mga sumusunod na impormasyon ng hindi bababa sa sampung (10) araw bago bumiyaha:

1. Buong pangalan, tirahan, at petsa ng kapanganakan ng indibidwal na nangangailangan ng swab
2. Numero ng telepono para matawagan ka ng KEMH
3. Petsa ng pag-alis sa isla ng indibidwal
4. Bansa na iyong pupuntahan AT ang mga requirements ng bansang iyon (halimbawa, ang swab ay dapat na naisagawa sa loob ng pitumpu’t dalawang (72) oras simula na pag-alis)

Tatawagan ka ng KEMH upang magsaayos ng appointment na iyong dadaluhan at tatawagan ka para ipaalam ang iyong resulta.

POLISIYA SA QUARANTINE AT MGA BISITA

Sinusuri na ngayon ng Gobyerno ang ilan sa mga detalyadong mga polisiya patungkol sa quarantine, kung ang mga kasalukuyang mga pagsasaayos ay mananatiling nakasisiya. ANg bawat taong bibiyaha sa Falkland Islands ay makakatanggao ng kopya ng pinakabagong patnubay mula sa Chief Medical Officer, at nilalaman nito kung paano sila magsasagawa ng quarantine sa kanilang tahanan. Ang mga bagay na dapat tandaan ay:

- Sa panahon ng quarantine, ikaw ay limitado lamang sa iyong tahanan at hardin at dapat kang manatili maliban na lamang kung nangangailangan ka nag tulong medikal o kung may sakuna.
- Sa panahon ng quarantine ay huwag makipagkita sa mga kaibigan, pumasok sa trabaho, sa paaralan, mga pampublikong lugar o gumamit ng pampublikong sasakyan o mga taxi, hangga’t makumpleto mo ang buong labingapat (14) na araw ng quarantine.
- Maaari kang umorder ng groceries, meter cards para sa kuryente, fuel, at iba pang mga gamit o gamot sa pamamagitan ng telepono at magbigay ng instructions na nakasaad kung ang mga ito ay dapat na iwan sa labas, sa iyong porch, o sa kahit saang lugar sa iyong tahanan na nararapat.
- Huwag mag-imbita o magpapasok ng mga bisita sa iyong tahanan o hardin, yaong mga nakatira lamang sa iyong tahanan ang maaaring manaitili dito.
- Hindi ka maaaring lumabas para maglakad, tumakbo, o magmaneho, kahit na sa malalayong lugar.

PAALALA SA MGA MAY SAKIT

Nais ipaalala ng KEMH sa lahat na kung ikaw ay may sipon o sakit na tulad ng sa trankaso, o may sakit sa gastrointestinal, pakiusap na manatili sa bahay; huwag pumunta sa trabaho o sa paaralan.

Kung ikaw ay may sakit na nakakahawa, hinihiling ng KEMH na sila ay tawagan sa numerong 28000 ngunit **HUWAG** pumunta sa ospital. Ang mga miyembro ng staff ay magbibigay ng abiso sa iyo gamit ang telepono. Paalala na ang mga sintomas ng COVID-19 ay ang mga sumusunod:

- Isang bago o lumalalang ubo
- Mataas na temperatura
- Naghahabol sa paghinga
- Namamagang lalamunan
- Pagbahing o pagkakaroon ng sipon
- Pansamantalang pagkawala ng panlasa o pang amoy

SURVEY SA PAGTUGON SA COVID-19

Ang mga resulta ng survey sa COVID-19, kasama ang ilang mga rekomendasyon, ay nakakasa na at nakatakdang iharap sa *Corporate Management Team* ng Gobeyrno at sa mga MLA sa simula ng Nobyembre, at inaasahan na ililimbag ito kasunod ng mga pag-uusap.

UPDATE SA LATAM

Tulad ng unang nailathala, kinumpirma ng LATAM na ang ang ruta ng Sao Paolo ay nananatiling suspendido hanggang sa ika-20 ng Oktubre 2020, at ang sitwasyon ay susuriin sa petsa na malapit dito. Tulad ng inanunsyo noong ika-27 ng Agosto 2020, ang rutang Punta Arenas-Santiago ay manatiling suspendido hanggang sa ika-2 ng Enero 2021, at ang sitwasyon ay susuriin sa petsa na malapit dito.